# Tala Hinggil sa mga Kontribyutor

MARIA FE B. ANTIVOLA

Nagtapos ng Master sa Arte sa Araling Pilipino, ang panloob na disiplina ay Panitikan at ang panlabas ay Araling Pansining, sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Ang kaniyang MA tesis na "Ang mga Osipon, Usip⊠n o Istorya sa Guinobatan, Albay: Iba't ibang Anyo, Istraktura at Kasaysayan" ay pinarangalan ng Gawad Antonio Abad: Pinakamahusay na Tesis sa Antas Gradwado noong 2016. Kamakailan ay nailathala ang kaniyang papel pananaliksik na "Ang *Orag* Bilang Estetika: Isang Pag-uugat mula sa *Istoryang Suanoy* ng Bikol" sa *Talas: An Interdisciplinary Journal in Cultural Education* ng Philippine Cultural Education Program ng National Commission for Culture and the Arts.

JOHN E. BARRIOS

Associate Professor sa Unibersidad ng Pilipinas Visayas. Nagtapos ng kaniyang PhD Panitikan sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Interes niya ang pagsusulat ng teksto at pagsasadiskurso ng gawaing pampanitikan ng Kanlurang Bisayas.

APOLONIO B. CHUA

Piniling larang ng kaniyang paglalathala ang Panitikan ng Pilipinas, Dulaan ng Pilipinas, at Kilusang Bayan at Kultura. Tinalakay niya sa kaniyang tesis masteral ang Realismo at mga Nobela ni Lazaro Francisco. Nagtapos ng PhD sa Unibersidad ng Pilipinas, sa larang ng Philippine Studies. Kasalukuyan siyang propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa naturang Unibersidad. Siya ang may-akda ng *Simulain: Dulambayan ng Manggagawa sa Konteksto ng Militanteng Kilusang Unyonismo (1980-1994)* (Imprenta ng Unibersidad ng Pilipinas, 2009). Kasama si Patricia Melendrez-Cruz, pinamatnugutan niya ang *Himalay: Kalipunan ng mga Pag-aaral kay Balagtas* (1988) at *Himalay: Kalipunan ng mga Pag-aaral kay Jose Rizal* (1991), kapwa inilathala ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas. Nilabas ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang pinamatnugutan niyang aklat, *Juan Tamban* ni Malou Leviste Jacob (1984). Direktor siya sa dulaan, "Buwan at Baril sa E-flat Major," PETA, (1985).

REGINALDO CRUZ

Kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Antropolohiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Bukod sa Deaf culture at Filipino Sign Language, kabilang din sa kaniyang interes sa pananaliksik ang tradisyonal na sining at musika ng Pilipinas.

U Z. ELISERIO

Nagtuturo ng kulturang popular sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman. Awtor siya ng *Kami sa Lahat ng Mataba* (UST Publishing House, 2016), koleksiyon ng kritisismo. Bisitahin siya sa ueliserio.net.

VLADIMEIR B. GONZALES

Kasalukuyang Assistant Professor sa Unibersidad ng Pilipinas, kung saan siya ay nagtuturo ng malikhaing pagsulat, panitikan at kulturang popular. Kinilala ang kaniyang mga akda sa Carlos Palanca Memorial Awards at sa National Commission for Culture and the Arts. Naging writing fellow siya para sa mga pambansang palihan (UP noong 2002 at 2009, Iyas noong 2005, Iligan noong 2005), at kasalukuyang associate sa UP Institute of Creative Writing. Nakapaglimbag siya ng dalawang libro sa Milflores Publishing House—*Isang Napakalaking Kaastigan* at *A-side/B-side: ang mga Piso sa Jukebox ng Buhay Mo.* Kasama siyang nagsulat para sa *Rizal* X ng *Dulaang UP* noong 2011, at isinalin ang sumusunod na dula: *Elevator Action* (adaptasyon ng *The Dumb Waiter,* Dulaang Laboratoryo, 2012); *Pitong Patibong* (adaptasyon ng *The Seven Deadly Sins of the* Bourgeoisie, Dulaang Laboratoryo, 2013), *Adarna* (adaptasyon ng *Ibong* Adarna, Dulaang UP, 2013), *Mal* (mula *The Trojan Women* ni Euripides, Dulaang Laboratoryo, 2014, UP Los Baños, 2017), *Meta: mga Aralin sa Pagsasalaysay* (tampok ang mga kuwento ni *Pilandok* at adaptasyon ng *The Unravelling* ni Fin Kennedy, Dulaang Laboratoryo, 2016), *Ang Puting Ahas* (salin *The White Snake* ni Mary Zimmerman, UP Dulaang Laboratoryo 2016), at *Deliryo sa El Niño* (adaptasyon ng *A Midsummer Night's Dream* ni William Shakespeare, De La Salle University Dasmariñas 2016). Itinanghal ang orihinal niyang dulang *Si Nelson, ang Nanay, ang Pancit Canton* para sa Short and Sweet Manila festival (2015), at ang *We Choose to Go to the Moon* para sa Fringe Manila International Arts Festival (2016). Makikita ang kaniyang mga sulatin at larawan sa kaniyang Website na vladgonzales.net.

ELISABETH LUQUIN

Taglay ang doktorado sa Antropolohiya, kasalukuyan siyang propesor sa wika at panitikan ng Pilipinas at pinuno ng pangkat ng Filipino-Tagalog sa Institut National des Langues et Civilisations Orientales (INALCO). Ang kaniyang mga pananaliksik ay nakatutok sa mga ritwal bilang tagapangasiwa ng lipunan na walang pampolitikang institusyon, mga katha-katha at ang konsepto ng kanu-nununuan. Sama-sama, ito ay lumilikha ng isang pagmuni-muni sa balarila ng Filipino-Tagalog at Panitikan ng Pilipinas. Siya ang mamumuno

sa sektor ng "Pilipinas" para sa *Dictionnaire universel des créatrices* (Edition des Femmes, 2013) o ang Pandaigdig na Disksyunaryo ng Manlilikha (Edisyong Pangkababaihan, 2013).

RIA P. RAFAEL

Nagtuturo ng mga kurso sa linggwistiks at wikang Hapon sa Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya sa UP Diliman. Kasalukuyan din siyang nag-aaral sa ilalim ng doktoradong programa ng Departamento ng Linggwistiks.

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

Kasalukuyang associate professor sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila. Nagtapos ng Bachelor in Secondary Education, major in Filipino, magna cum laude, sa Bulacan State University; Master of Arts in Teaching Filipino sa Philippine Normal University-Manila; at PhD in Southeast Asian Studies sa Centro Escolar University-Manila. May yunit sa Master of Arts in International Studies, major in European Studies, sa DLSU-Manila. Pangulo ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF), Ink.; vice-head ng Executive Council (ExeCon) ng National Committee on Language and Translation (NCLT) sa ilalim ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA); convenor ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA).

VINCENT CHRISTOPHER A. SANTIAGO

Nagtapos ng kursong B.A. Linguistics sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sa larangan ng lingguwistika, nakatuon ang kaniyang mga pananaliksik sa diyalektolohiya, partikular na sa mga variety ng wikang Tagalog sa lalawigan ng Rizal, historical linguistics at acoustic phonetics. Naiharap na niya ang mga pag-aaral niya sa Ika-12 Philippine Linguistics Congress, taong 2014 at Free Linguistics Conference, taong 2015.

DAYANG MAGDALENA NIRVANA T. YRAOLA

Lektyurer ng Departamento ng Teorya sa College of Fine Arts sa UP Diliman. Mula 2007-2014, naglingkod siya bilang Manager ng U.P. Center for Ethnomusicology para sa digitization of audio archive collection at kaugnay nitong mga proyekto. Sa labas ng gawain sa Unibersidad, si Dayang ay isang independent curator. Siya ang founder at curator ng Project Glocal (www.projectglocalstamped.com), isang multi-locale at multi-cultural arts project para sa mga artista sa Japan at Southeast Asia mula 2010-2014. Grantee ng Asian Cultural Council, Singapore International Foundation at Japan Foundation para sa kaniyang mga pananaliksik at proyekto para sa media art practice sa Southeast Asia. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer sa Arte sa Araling Pilipino na may pokus sa Malikhaing Pagsulat at Aralin sa Sining at Master of Arts sa Museology sa Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyang mag-aaral ng Araling Kultural (PhD Culture Studies) sa University of Lingnan (Hong Kong). Maaaring maakses ang kaniyang website sa www.dayangyraola.com.